

ANG PAARALAN – Ikalawang bahagi

Paanong gumagana ang paaralan sa Italya?

Sa paaralan ang iyong anak ay susuriin sa pamamagitan ng **prove scritte e orali (nakasulat at oral na pagsusulit)** may mga nakasulat na pagtatasa o mga marka mula 1 (minimum) hanggang 10 (maximum).

Ang school year ay nahahati sa dalawang quadrimestri (ibig sabihin apat na buwan na panahon) mula setyembre hanggang enero at mula pebrero hanggang hunyo.

Sa katapusan ng bawat **quadrimestri** ang mga guro ng iyong anak ay magbibigay sa iyo ng dokumento na tinatawag na **scheda di valutazione** (report card) na nagbuod ng kanyang pagganap sa akademya. Sa okasyong iyon, laging nais ng mga guro na makilala ang pamilya upang pag-usapan ang personal na pag-aaral ng bata o ng kabataan.

Babala! Upang maipasa ang taon ng pag-aaral, ang bawat mag-aaral ay dapat na dumalo ng hindi **bababa sa 75% ng mga aralin**, iyon ay, hindi bababa sa 150 araw sa kabuuang 200 araw.

Sa Italya, ang paaralan ay masidhi sa pakikipag-usap sa mga pamilya. Maaari kang makipag-alaman sa mga guro ng iyong anak sa pamamagitan ng **diario** at ng **elektronikong rehistro**. Kung mayroon kang isang bagay na hihilingin, maaari kang magtakda ng appointment, humiling kung kinakailangan na magkaroon ng isang mediatrice linguistico culturale (linguistic and cultural mediator). Bilang karagdagan, napakahalaga na ang pamilya ay regular na dumalo sa mga pagpupulong sa klase.

Sa Italya ay napakahalaga na regular na dumalo ang pamilya sa mga **riunioni di classe** (pagpupulong sa klase) at mga **colloqui individuali** (indibidwal na panayam) sa mga guro upang manatiling updated.

Para sa mga banyagang bata at kabataan, maaaring magpasya ang paaralan na magsulat ng isang **PDP (Personalized Didactic Plan)** na may mga layuning pang-edukasyon na sadyang naipalano para sa iyong anak, upang mapadali ang kanyang tatahakin sa pag-aaral.

Mahalaga na igalang ang mga orasan ng paaralan sa pagpasok at paglabas, ihatid ang iyong mga anak sa tamang oras sa umaga at sunduin sila **in orario** (sa tamang oras). Kung palagi kang nahuhuli, maaaring ipagbigay-alam ng paaralan sa pulisya.

Panghuli, dapat mong malaman na during school year, ay mayroon mga paglabas sa paaralan na naka-iskedyul, na tinatawag na **gite scolastiche**, pwede itong tumagal ng isa o higit pang mga araw, isang mahalagang bahagi sa kabuuan ng pagtuturo, sa pakikisalamuha at sa edukasyon ng iyong anak.